
9

# Araling Panlipunan

## Unang Markahan – Modyul 3: Iba't Ibang Sistemang Pang-ekonomiya




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Araling Panlipunan – Ikasiyam na Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 3: Iba't Ibang Sistemang Pang-ekonomiya**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Sarah Jean J. Solon, Jiezel Rose S. Pontimayo, Angelica C. Epanto
Reynaldo A. Hernane

**Editor:** Mohamar D. Rindo PhD, Nelson S. Lasagas

**Tagasuri:** Alma L. Carbonilla EdD, Ramel P. Cael, EdD

**Tagaguhit:** Janet L. Jumuad

**Tagalapat:** Manelyn D. Aballe

**Tagapamahala:** Dr. Isabelita M. Borres CESO III
Pedro Melchor M. Natividad, PhD, CSEE
Eugenio B. Penales, EdD
Sonia D. Gonzales
Majarani M. Jacinto, EdD, CESO VI
Juliet A. Magallanes, EdD
Florencio R. Caballero DTE
Alma D. Belarmino, EdD

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – Region IX**
Office Address: Regional Center, Balintawak, Pagadian City
E-mail Address: region9@deped.gov.ph

# 9

# Araling Panlipunan

## Unang Markahan – Modyul 3:
## Iba't Ibang Sistemang Pang-ekonomiya

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Araling Panlipunan-9 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling Iba't Ibang Sistemang Pang-ekonomiya!

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pampubliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:

***Mga Tala para sa Guro***

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa Araling Panlipunan-9 ng *Alternative Delivery Mode* (ADM) Modyul ukol sa Iba't Ibang Sistemang Pang-ekonomiya!

Ang kamay ay madalas gamiting simbolo ng kakayahan, aksyon at layunin. Sa pamamagitan ng ating mga kamay tayo ay maaaring matuto, lumikha, at magsakatuparan ng gawain. Ang kamay sa tulong-aral na ito ay sumisimbolo na ikaw, bilang isang mag-aaral, ay may angking kakayahang matutuhan ang mga kaugnay na kompetensi at kasanayan. Ang iyong pang-akademikong tagumpay ay nakasalalay sa iyong sarili o sa iyong mga kamay.

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at *icon* na dapat mong maunawaan.

| | | |
|---|---|---|
|  | ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
|  | ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
|  | ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
|  | ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
|  | ***Suriin*** | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
|  | ***Pagyamanin*** | Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |

| | |
|---|---|
| ***Isaisip*** | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| ***Isagawa*** | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| ***Tayahin*** | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| ***Karagdagang Gawain*** | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| ***Susi sa Pagwawasto*** | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| ***Sanggunian*** | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong sa iyong mga magulang, sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

# *Alamin*

| Pamantayang Pangnilalaman | Pamantayan sa Pagganap |
|---|---|
| Naipamalas ng mag-aaral ang pag-unawa sa mga pangunahing konsepto ng Ekonomiks bilang batayan ng matalino at maunlad na pang-araw-araw na pamumuhay. | Naisasabuhay ang pag-unawa sa mga pangunahing konsepto ng Ekonomiks bilang batayan ng matalino at maunlad na pang-araw-araw na pamumuhay. |

**Mga Nilalaman (Paksa/Aralin)**

1. Iba't Ibang Sistemang Pang-ekonomiya

**Pamantayan sa Pagkatuto**

Pagkatapos mapag-aralan ang modyul na ito, ang mag-aaral ay inaasahang:

1. Nasusuri ang iba't ibang sistemang pang ekonomiya.

Sa nakaraang aralin, natutunan at napahahalagahan ang paggawa ng tamang desisyon upang matugunan ang pangangailangan at kagustuhan. Nalaman rin ng mag-aaral na walang katapusan ang pangangailangan at kagustuhan na siyang naging dahilan ng pagkakaroon ng suliranin ng kakapusan.

Natutunan ang tungkol sa mahalagang ideya o konsepto tungkol alokasyon. Ang alokasyon ay isang mekanismo ng pamamahagi ng pinagkukunang-yaman, produkto at serbisyo. Ito rin ay isang paraan upang maayos na maipamahagi at magamit lahat ng pinagkukunang-yaman ng bansa.

Sa bahaging ito, inaasahang magabayan ang mag-aaral tungkol sa mga mekanismo ng alokasyon sa iba't ibang sistemang pang- ekonomiya bilang sagot sa kakapusan.



## *Subukin*

### Panimulang Gawain: Pagtataya

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang bawat pangungusap at piliin ang tamang titik na tumutukoy sa tumpak na kasagutan. Isulat sa sagutang papel ang mga sagot.

1. Bakit kailangang isaalang-alang ang paggamit at paglinang ng lahat ng pinagkukunang- yaman ng bansa?
   a. Upang makamit ng tao ang pinakamataas na antas ng kasiyahan at kapakinabangan mula rito.
   b. Upang mas lumaki ang kita ang ekonomiya ng ating bansa at ng mamamayan nito.
   c. Mas mapalawig ang yamang-likas ng isang bansa na kagaya ng ating bansa.
   d. Nararapat itong bigyang pansin dahil sa katotohanang may kakapusan na umiiral.
2. Alin sa sumusunod ang mithiin ng bawat sistemang pang-ekonomiya?
   a. Upang mas mapalawig ang kitang pang-ekonomiya ng ating bansa.
   b. Upang makamit ang pinakamataas na kasiyahan at kapakinabangan mula rito.
   c. Upang makaagapay ang lipunan sa mga suliranin at kung paano episyenteng magagamit ang pinagkukunang-yaman ng bansa.
   d. Upang matugunan ang walang katapusang pangangailangan at kagustuhan ng tao.
3. Sa *Market Economy,* ito ang nagtatakda kung gaano karami ang bibilhin ng mga mamimili at kung gaano rin karami ang malilikhang produkto at serbisyo ng mga prodyuser.
   a. Likas-yaman
   b. Pamahalaan
   c. Presyo
   d. Prodyuser
4. Sa iba't ibang sistemang pang-ekonomiya na umiiral sa mundo, anong katangian na nakapagbubukod-tangi sa sistemang *mixed economy* na siyang dahilan upang ito ang ginagamit ng mas nakararaming bansa?
   a. Ang pagkontrol ay alinsunod sa komprehensibong control at regulasyon ng pamahalaan.
   b. Ang anomang produkto na kanilang nalilikha ay ipamamahagi ayon sa kanilang pangangailangan at kung sino ang dapat gumamit.
   c. Nagpapahintulot sa pribadong pagmamay-ari ng kapital, pakikipag-ugnayan sa pamamagitan ng presyo at pangangasiwa ng gawain
   d. Hinahayaan dito ang malayang pagkilos ng pamilihan subalit maaaring manghimasok o makialam ang pamahalaan sa mga usaping nauukol sa pangangalaga ng kalikasan, katarungang panlipunan, at pagmamay-ari ng estado.

5. Ang sistemang pang-ekonomikong ito ay sumasagot sa unang katanungang pang-ekonomiko batay sa puwersa ng pamilihan.
   a. Traditional Economy
   b. *Market Economy*
   c. *Command Economy*
   d. *Mixed Economy*
6. Sa *command economy,* ang ekonomiya ay nasa ilalim ng komprehensibong kontrol at regulasyon ng:
   a. Konsyumer
   b. Pamahalaan
   c. Pamilihan
   d. Prodyuser
7. Alin sa sumusunod ang may pinakawastong interpretasyon sa kasabihang, "*There isn't enough to go around.*" ni John Watson Howe?
   a. May limitasyon ang mga pinagkukunang-yaman kaya't hindi ito sasapat sa pangangailangan ng tao.
   b. Ang walang pakundangan na paggamit ng pinagkukunang-yaman ay hahantong sa kakapusan.
   c. Walang hanggan ang pangangailangan ng tao gayundin ang mga pinagkukunang-yaman.
   d. May Hangganan ang halos lahat ng pinagkukunang-yaman sa buong daigdig.
8. Papaano mo gagampanan ang iyong tungkulin bilang kasapi ng pangkat kung ikaw ay kabilang sa *market economy?*
   a. Wala sapagkat ang katungkulan ko sa ekonomiya nagmumula sa pamahalaan batay sa plano.
   b. Malaya akong makakakilos ayon sa sariling kagustuhan o interes nang hindi pinakikialaman ng pamahalaan.
   c. Tulong-tulong sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pakikinabang sa pinagkukunang yaman.
   d. Malaya ang mamamayan subalit ang pamahalaan ay may control pa rin sa ilang mga gawain.
9. Ang sistemang pang-ekonomiko ay sumasagot sa apat na pangunahing pang-ekonomiko. Alin sa sumusunod ang kasagutan ng *Traditional Economy* sa katanungang: Ano-anong produkto at serbisyo ang gagawin?
   a. Ang produkto at serbisyong gagawin ay nakabatay sa puwersa ng pamilihan.
   b. Ang produkto at serbisyong gagawin ay nakabatay sa utos ng pamahalaan.
   c. Ang produkto at serbisyong gagawin ay nakabatay sa tradisyon, kultura at paniniwala.
   d. Ang produkto at serbisyong gagawin ay nakabatay sa puwersa ng pamilihan at pamahalan.
10. Piliin sa sumusunod ang tamang paraan ng pagpapasya ng *market economy.*
   a. Nakabatay sa tradisyon, kultura at paniniwala.
   b. Ang pamahalaan ang may ganap na kapangyarihan upang makamit ang mga layuning pang-ekonomiya.
   c. Hinahayaan ang pamilihan subalit maaaring manghimasok ang pamahalaan.
   d. Alinsunod sa pansariling interes ng nagtitinda at mamimili.

**Aralin 1**

# Iba't ibang Sistemang Pang-Ekonomiya



## *Balikan*

### Gawain 1: Ibigay Muna!

Panuto: Kompletuhin ang konsepto o ideya na nasa ibaba sa pamamagitan ng pagsulat o pagbigay ng sariling pagkaunawa sa ito. Gawin sa sagutang papel.

Para sa akin ang alokasyon ay ______________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
__________________________________________

Ang dahilan ng kakapusan ay ______________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________.

Kailangang gumawa ng tamang desisyon kung paano gagamitin ng mahusay ang pinagkukunang-yaman ng bansa upang ____________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________

## *Tuklasin*

### Gawain 2: Sistema Ikamo?

Panuto: Piliin sa hanay ng mga salita ang angkop na kataga sa bawat larawan. Isulat sa sagutang papel ang kasagutan.

Tradisyonal na Ekonomiya
Command Economy

Mixed Economy
Market Economy




**Pamprosesong Tanong:**

1. Ano ang iyong naging batayan sa pagpili ng sagot?
2. Sa iyong palagay, ano ang ibig sabihin ng sistemang pang-ekonomiya?

| |
|---|
| Sa susunod na bahagi ay sasagutan mo ang *entrance* at *exit slip* upang inisyal na masukat ang iyong nalalaman tungkol sa alokasyon. |

## Gawain 3: *Entrance* at *Exit Slip*

Panuto: Sagutin ang mga sumusunod na tanong.

***EXIT SLIP***

Ang natutuhan ko sa alokasyon ay…

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________.

***ENTRANCE SLIP***

Ang alam ko tungkol sa alokasyon ay…

________________________________________________________________________

____________________________________________________.

Ang palagay ko tungkol sa alokasyon ay…

________________________________________________________________________

____________________________________________________.



# *Suriin*


Sa parteng ito ng modyul ay iyong lilinangin ang mga kaisipan/ kaalamang tutulong sa iyo upang higit na maintindan ang paksang aralin. Dito tinitiyak na ikaw ay maihahanda upang tiyak ang mga pang-unawa sa mga impormasyong kinakailangang malinang. Sa bahaging ito ay magkakaroon ka ng mahahalagang ideya sa mga konsepto ng iba't ibang sistemang pang ekonomiya na umiiral sa daigdig.

## ANG SISTEMANG PANG-EKONOMIYA

Ang sistemang pang-ekonomiya ay tumutukoy sa isang institusyonal na kaayusan at paraan upang maisaayos ang paraan ng produksiyon, pagmamay-ari at paglinang ng pinagkukunang-yaman at pamamahala ng gawaing pang-ekonomiko ng isang lipunan. Mithiin ng bawat sistemang pang-ekonomiya na makaagapay ang

lipunan sa mga suliranin ng kakapusan at kung paano epesyenteng magagamit ang mga pinagkukunang-yaman ng bansa.

Bawat lipunan ay may sinusunod na sistemang pang-ekonomiya upang matugunan ang mga suliraning nakapaloob sa produksiyon at alokasyon ng mga produkto at serbisyo. Ang sistemang pang-ekonomiya ay sumasagot sa apat na pangunahing katanungan.




## Iba't Ibang Sistemang Pang-ekonomiya

Ang sumusunod ay ang iba't ibang sistemang pang-ekonomiya na umiiral sa daigdig:

### *Traditional Economy*

Ang unang anyo ng sistemang pang-ekonomiya ay ang *Traditional Economy*. Ang kasagutan sa pangunahing katanungang pang-ekonomiko ay nakabatay sa tradisyon, kultura at paniniwala. Ang tanong na ano ang lilikhaing produkto ay hindi mahirap sagutin sapagkat ang pangangailangan ng tao ay umiikot lamang sa pangunahing pangangailangan tulad ng damit, pagkain, at tirahan. Maging ang suliranin kung paano lilikha ng produkto ay simple lamang na tinutugunan dahil ang paraan ng produksiyon ay batay sa sinaunang pamamaraan na itinuro ng matatanda sapagkat sa *Traditional Economy*, bagama't walang tiyak na batas ukol sa alokasyon, may maliwanag na pagkakaunawa ang mga tao sa paraan nito. Ang anumang produkto na kanilang malilikha ay ipamamahagi ayon sa kanilang pangangailangan at kung sino ang dapat gumamit.

### *Market Economy*

Sa *market economy*, ang kasagutan sa pangunahing katanungang pang-ekonomiko ay ginagabayan ng mekanismo ng malayang pamilihan. Sa ganitong Sistema, ang bawat kalahok-konsyumer at prodyuser, kumikilos alinsunod sa kanilang pansariling interes na makakuha ng malaking pakinabang. Ang mga nasa

lakas-paggawa ay maaaring makapamili ng kanilang nais na papasukang trabaho. Ang pangunahing katanungang pang-ekonomiko ay sinasagot ng puwersa ng pamilihan. Ang *market economy* ay nagpapahintulot sa pribadong pagmamay-ari ng kapital, pakikipag-ugnayan sa pamamagitan ng presyo, pangangasiwa ng mga gawain.

Presyo ang pangunahing nagtatakda kung gaano karami ang bibilhin ng mga mamimili at kung gaano rin karami ang malilikhang produkto at serbisyo ng mga prodyuser. Sa kabuuan, ang dami ng produkto na nais ibenta ng mga prodyuser ay may katumbas na dami ng produkto na nais bilhin ng mga mamimili. Sa madaling sabi, presyo ang nagsisilbing pambalanse sa interaksiyon ng konsyumer at prodyuser sa loob ng pamilihan.

Samantala, ang tungkulin naman ng pamahalaan ay ang pagbibigay ng proteksiyon sa kapakanan ng mga pag-aaring pampribado, kabilang ang mga batas na mangangalaga sa karapatan, ari-arian, at kontrata na pinasukan ng mga pribadong indibidwal.

***Command Economy***

Sa *command economy,* ang ekonomiya ay nasa ilalim ng komprehensibong kontrol at regulasyon ng pamahalaan. Ang pagkontrol ay alinsunod sa isang planong nauukol sa pagsusulong ng ekonomiya na pinangangasiwaan mismo ng sentralisadong ahensiya (*central planning agencies).*


Katunayan ang pagpapasya sa proseso ng gawaing pang-ekonomiya ay sentralisado o nasa kamay ng pamahalaan lamang. Tinutukoy rin ang mga gagamiting pinagkukunang-yaman sa paglikha ng kapital. Samantala, madaling nalalaman ang distribusyon ng kita sa lipunan sa pamamagitan ng pagtatakda ng pasahod para sa iba't ibang uri ng hanapbuhay. Ang kita naman sa lupang sakahan ay maaaring matukoy sa pamamagitan ng pagtatakda sa halaga ng mga produktong nagmumula rito.

Ang patakaran sa *command economy* ay ipinatupad sa dating Soviet Union. Sa kasalukuyan, nanatiling may ganitong sistemang pang-ekonomiya sa Cuba at North Korea.

***Mixed Economy***

Ang *mixed economy* ay isang sistema na kinapapalooban ng elemento ng *market economy* at *command economy.* Walang maituturing na isang kahulugan ang *mixed economy.* Ito ay kinapapalooban ng magkaugnay na katangian ng dalawang sistema tulad ng malayang pakikilahok sa mga gawaing pangkabuhayan na pinahihintulutan ng pamahalaan at pagkontrol ng pamahalaan sa ilang gawaing pangkabuhayan. Ang salitang *mixed economy* ay nalikha upang tukuyin ang isang sistemang nabuo at may katangian na bunga ng pagsasanib o kumbinasyon ng *command* at *market economy*. Hinahayaan dito ang malayang pagkilos ng pamilihan subalit maaaring manghimasok o makialam ang pamahalaan sa mga usaping nauukol sa pangangalaga sa kalikasan, katarungang panlipunan, at pagmamay-ari ng estado. May pribadong pagmamay-ari sa mga salik ng produksiyon, imprastraktura at mga organisasyon. Ang sistemang *mixed economy* ay

nagpapahintulot din na makagawa ng mga pribadog pagpapasya ang mga kompanya at indibidwal. Gayunpaman, ito ay hindi nanganghulugang ganap na awtonomiya para sa kanila sapagkat ang karamihan sa mga desisyong ito ay ginagabayan ng pamahalaan.



## *Pagyamanin*

Sa bahaging ito ng aralin ay palalawakin at pagtibayin mo, bilang mag-aaral, ang mga nabuo mong kaalaman ukol sa alokasyon. Kinakailangan ang mas malalim na pagtatalakay sa konsepto ng alokasyon upang maihanda ang iyong sarili sa pagsasabuhay ng iyong mga natutuhan.

### Gawain 4: Sagutin Mo!

Panuto: Sagutin ang mga sumusunod na katanungan gamit ang tatlo hanggang limang pangungusap.

1. Ano ang pagkakaiba ng Iba't ibang sistemang pang-ekonomiya na tinutukoy sa binasang teksto?
   Sagot:________________________________________
   ____________________________________________
   ___________________________________________.

2. Sa iyong palagay, aling sistemang pang-ekonomiya ang umiiral sa bansa natin?
   Sagot:________________________________________
   ____________________________________________
   ___________________________________________.

3. Batay sa binasang teksto, paano nakaagapay ang lipunan sa mga suliranin ng kakapusan sa pamamagitan ng iba't ibang sistemang pang-ekonomiya?
   Sagot:________________________________________
   ____________________________________________
   ___________________________________________.


## Gawain 5: Dialogue Box

Panuto: Punan ng tamang sagot ang usapan ng dalawang tauhan sa bawat kahon.


Ano baa ng katangian ng *traditional economy*?



Paano mo ilarawan ang *market economy*?



Ano ang kaibahan ng *command economy* sa *mixed economy*?



**Pamprosesong Tanong:**

1. Batay sa usapan ng mga tauhan, anong sistemang pang-ekonomiya ang umiiral sa Pilipinas?
2. Kung ikaw ay bibigyan ng pagkakataong pumili ng sistemang pang-ekonomiya na pairalin sa ating bansa, anong Sistema ang iyong pipiliin? Bakit?



## *Isaisip*

**Mga mahahalagang kaalaman na dapat tandaan:**

1. Mithiin ng bawat sistemang pang-ekonomiya na makaagapay ang lipunan sa mga suliranin ng kakapusan at kung paano episyenteng magagamit ang mga pinagkukunang-yaman ng bansa.
2. Bawat lipunan ay may sinusunod na sistemang pang-ekonomiya upang matugunan ang mga suliraning nakapaloob sa produksiyon at alokasyon ng mga produkto at serbisyo.
3. Sa *Traditional Economy*, ang anumang produkto na kanilang malilikha ay ipamamahagi ayon sa kanilang pangangailangan at kung sino pa ang dapat gumamit.
4. Sa *market economy,* ang kalahok-konsyumer at prodyuser, ay kumikilos alisunod sa pansariling interes na makakuha ng malaking pakinabang.
5. Presyo ang pangunahing nagtatakda kung gaano karami ang bibilhin ng mga mamimili at kung gaano rin karami ang malilikhang produkto at serbisyo ng mga prodyuser.
6. Sa *command economy,* nasa komprehensibong kontrol at regulasyon ng pamahalaan ang planong nauukol sa pagsulong ng ekonomiya.
7. Halimbawa ng mga bansang gumagamit ng *command economy* ay ang North Korea at Cuba.
8. Ang *mixed economy* ay may katangian na bunga ng pagsanib o kombinasyon ng *command* at *market economy.*
9. Sa sistemang pang-ekonomiya na *mixed economy* ay nagpapahintulot sa mga pribadong pagpapasya ng pribadong kompanya at indibidwal ngunit karamihan pa rin sa mga desisyong pang-ekonomiya ay ginagabayan ng pamahalaan.

## Gawain 6: Tanong at Sagot

Panuto: Punan ang talaan sa kaliwa kung saang sistemang pang-ekonomiya ito nabibilang sa mga halimbawang ibinigay sa ikalawang hanay.

| SISTEMANG PANG-EKONOMIYA | HALIMBAWA |
|---|---|
| | Pangingisda pagtatanim, paghahayupan |
| | *Protection of labor rights, existence of economic planning* |
| | Imprastraktura na pagmamay-ari ng pamahalaan |
| | Maliliit na negosyante, ang mga nagmamay-ari ay iyong pribadong sector. |

## Gawain 7: *Data Retrieval Chart*

Panuto: Magsaliksik ukol sa mga bansang sumasailalim sa mga sistemang pang-ekonomiya na nasa kaliwang bahagi ng tsart. Magbigay ng tatlong bansa at isulat sa kabilang patlang.

| Sistemang Pang-ekonomiya | Mga Bansa |
|---|---|
| *1.Traditional Economy* | |
| *2.Command Economy* | |
| *3.Mixed Economy* | |
| *4.Market Economy* | |



# *Tayahin*

## Panghuling Pagtataya

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang bawat pangungusap at piliin ang tamang titik na tumutukoy sa tumpak na kasagutan. Isulat sa sagutang papel ang mga sagot.

1. Piliin sa sumusunod ang tamang paraan ng pagpapasya ng *market economy.*

   a. Nakabatay sa tradisyon, kultura at paniniwala.
   b. Ang pamahalaan ang may ganap na kapangyarihan upang makamit ang mga layuning pang-ekonomiya.
   c. Hinahayaan ang pamilihan subalit maaaring manghimasok ang pamahalaan.
   d. Alinsunod sa pansariling interes ng nagtitinda at mamimili.

2. Papaano mo gagampanan ang iyong tungkulin bilang kasapi ng pangkat kung ikaw ay kabilang sa *market economy.*

   a. Wala sapagkat ang katungkulan ko sa ekonomiya nagmumula sa pamahalaan batay sa plano.
   b. Malaya akong makakakilos ayon sa sariling kagustuhan o interes nang hindi pinakikialaman ng pamahalaan.
   c. Tulong-tulong sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pakikinabang sa pinagkukunang yaman.
   d. Malaya ang mamamayan subalit ang pamahalaan ay may kontrol pa rin sa ilang mga gawain.

3. Sa *command economy,* ang ekonomiya ay nasa ilalim ng komprehensibong kontrol at regulasyon ng:

   a. Konsyumer
   b. Pamahalaan
   c. Pamilihan
   d. Prodyuser

4. Sa *Market Economy,* ito ang nagtatakda kung gaano karami ang bibilhin ng mga mamimili at kung gaano rin karami ang malilikhang produkto at serbisyo ng mga prodyuser.

   a. Likas-yaman
   b. Pamahalaan
   c. Presyo
   d. Prodyuser

5. Alin sa sumusunod ang mithiin ng bawat sistemang pang-ekonomiya?

    a. Upang mas mapalawig ang kitang pang-ekonomiya ng ating bansa.
    b. Upang makamit ang pinakamataas na kasiyahan at kapakinabangan mula rito.
    c. Upang makaagapay ang lipunan sa mga suliranin at kung paano episyenteng magagamit ang pinagkukunang-yaman ng bansa.
    d. Upang matugunan ang walang katapusang pangangailangan at kagustuhan ng tao.

6. Ang sistemang pang-ekonomiko ay sumasagot sa apat na pangunahing pang-ekonomiko. Alin sa sumusunod ang kasagutan ng *Traditional Economy* sa katanungang: Ano-anong produkto at serbisyo ang gagawin?

    a. Ang produkto at serbisyong gagawin ay nakabatay sa puwersa ng pamilihan.
    b. Ang produkto at serbisyong gagawin ay nakabatay sa utos ng pamahalaan.
    c. Ang produkto at serbisyong gagawin ay nakabatay sa tradisyon, kultura at paniniwala.
    d. Ang produkto at serbisyong gagawin ay nakabatay sa puwersa ng pamilihan at pamahalan.

7. Bakit kailangang isaalang-alang ang paggamit at paglinang ng lahat ng pinagkukunang-yaman ng bansa?

    a. Upang makamit ng tao ang pinakamataas na antas ng kasiyahan at kapakinabangan mula rito.
    b. Upang mas lumaki ang kita nga ekonomiya ng ating bansa at ng mamamayan nito.
    c. Mas mapalawig ang yamang-likas ng isang bansa na kagaya ng ating bansa.
    d. Nararapat itong bigyang pansin dahil sa katotohanang may kakapusan na umiiral.

8. Sa iba't ibang sistemang pang-ekonomiya na umiiral sa mundo, anong katangian na nakapagbubukod-tangi sa sistemang *mixed economy* na siyang dahilan upang ito ang ginagamit ng mas nakararaming bansa?

    a. Ang pagkontrol ay alinsunod sa komprehensibong kontrol at regulasyon ng pamahalaan.
    b. Ang anomang produkto na kanilang nalilikha ay ipamamahagi ayon sa kanilang pangangailangan at kung sino ang dapat gumamit.
    c. Nagpapahintulot sa pribadong pagmamay-ari ng kapital, pakikipag-ugnayan sa pamamagitan ng presyo at pangangasiwa ng gawain
    d. Hinahayaan dito ang malayang pagkilos ng pamilihan subalit maaaring manghimasok o makialam ang pamahalaan sa mga usaping nauukol sa pangangalaga ng kalikasan, katarungang panlipunan, at pagmamay-ari ng estado.

9. Ang sistemang pang-ekonomikong ito ay sumasagot sa unang katanungang pang-ekonomiko batay sa puwersa ng pamilihan.

   a. *Traditional Economy*
   b. *Market Economy*
   c. *Command Economy*
   d. *Mixed Economy*

10. Alin sa sumusunod ang may pinakawastong interpretasyon sa kasabihang, "*There isn't enough to go around.*" ni John Watson Howe?

   a. May limitasyon ang mga pinagkukunang-yaman kaya't hindi ito sasapat sa pangangailangan ng tao.
   b. Ang walang pakundangan na paggamit ng pinagkukunang-yaman ay hahantong sa kakapusan.
   c. Walang hanggan ang pangangailangan ng tao gayundin ang mga pinagkukunang-yaman.
   d. May hangganan ang halos lahat ng pinagkukunang-yaman sa buong daigdig.



## *Karagdagang Gawain:*

### Gawain 8: Repleksiyon

Panuto: Ngayon ay maari mo nang itala ang lahat ng bagay at impormasyon na iyong natutuhan sa aralin. Isulat sa isang buong papel.

______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
__________________________________________________________________________.

## Gawain 9: *Entrance at Exit Slip*

Panuto: Sagutin ang mga sumusunod na tanong.

| |
|---|
| ***ENTRANCE SLIP*** |
| Ang alam ko tungkol sa alokasyon ay… |
| ______________________________________________________________________ |
| ___________________________________________________. |
| Ang palagay ko tungkol sa alokasyon ay… |
| ______________________________________________________________________ |
| ___________________________________________________. |

| |
|---|
| ***EXIT SLIP*** |
| Ang natutuhan ko sa alokasyon ay… |
| ______________________________________________________________________ |
| ______________________________________________________________________ |
| ________________________________________. |

# *Susi sa Pagwawasto*

| Paunang Pagtataya | Panghuling Pagtataya |
|---|---|
| 1. D | 1. D |
| 2. B | 2. B |
| 3. B | 3. B |
| 4. C | 4. C |
| 5. C | 5. C |
| 6. C | 6. C |
| 7. A | 7. A |
| 8. D | 8. D |
| 9. B | 9. B |
| 10. A | 10. A |

# *Mga Sanggunian*


Modyul:

1. Dep-Ed Module "Araling Panlipunan" Modyul para sa Mag-aaral Yunit I, First Edition (2015);50-59.

Mga pinagkunan ng lawaran:

1. Source:https://images.app.goo.gl/8wFSvLDQprpThNqd6
2. https://www.clipproject.info/free-clipart-gallery/people-clipart-free/dialog-clipart-free-people-clipart-969.html#.XtcC1DozbDc
3. https://www.freepik.com/premium-vector/happy-cute-little-kids-boy-girl-talking_6983408.htm
4. https://www.clipproject.info/free-clipart-gallery/people-clipart-free/dialog-clipart-free-people-clipart-969.html#.XtcFozozbDc

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph